ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLIX Blg. 4
Pebrero 21, 2018
www.philippinerevolution.info

# Puspusang ilantad at labanan ang pakanang diktadurang Duterte at lahatang-panig na isulong ang rebolusyon




**EDITORYAL**

Walang lubay ang mga maniobra at pakana ni Duterte para iluklok ang sarili bilang pasistang diktador. Sa anyo man ng pederalismong huwad o walang takdang batas militar sa buong bansa, sa paraang santong dasalan man o santong paspasan, determinado si Duterte na angkinin ang lahat ng kapangyarihan at ipataw ang kanyang pasistang paghaharing diktador.

Hindi magkasya kay Duterte ang supermayoryang kontrol ng mga sinuhulang alipures sa Kongreso. Hindi magkasya na nasa bulsa na niya ang mayorya ng mga mahistrado ng Korte Suprema at nagbibigay-basbas sa kanyang mga desisyon. Hindi magkasya na nakalukob sa buong Mindanao ang kanyang walang taning na batas militar. Hindi rin siya magkasya sa pagpapakawala ng nauulol na militar at pulisya para pulbusin ang Marawi City at ang kabuhayan ng daan-daan libong mamamayan, kitlin ang libu-libong buhay sa hibang na Oplan Tokhang at ihasik sa kalaparan ng kanayunan ang lupit at lagim ng todong gerang nagwawasiwas ng bandila ng "anti-terorismo"at "Kapayapaan."

Asal-berdugo, diktador at hayok sa kapangyarihan si Duterte. Sa dalawang taon pa lamang nadaig na niya ang maraming pinakamalalaking salot sa bayan. Napakalaking kapahamakan na ang idinudulot sa sambayanan ng kanyang tiranikong paghahari. Kabi-kabila ang mga pagpatay, iligal na pag-aresto, pagtortyur, pambubugbog at iba pang pag-abuso at pagyurak ng militar at pulis sa mga karapatang-tao, laluna ng mga kabilang sa batayang masang magsasaka at manggagawa.

Pangunahing target ngayon ni Duterte ang rebolusyonaryong kilusan. Idineklara niyang "terorista" ang Partido at BHB upang insultuhin ang rebolusyon at bigyang-matwid ang todong pag-atake dito. Pagpapasikat din niya ito upang maglangis sa imperyalismong US, sa pasistang militar at iba pang sagadsaring reaksyunaryo. Todong ibinubuhos niya ang rekurso sa militar para magregkrut ng 15,000 bagong sundalo at bumili ng mga bagong sandata at kagamitan kabilang ang mga barko, *helicopter*, eroplano, *drone* at iba pang malakihang gasta para "patagin ang mga bundok" at balutin sa takot ang kanayunan. Nangunguna siya sa pagsulsol at pagpalakpak sa mga

sundalo at pulis na gumawa ng mga pasistang krimen tulad ng kanyang udyok na "barilin ang mga ari" ng kababaihang mandirigma ng BHB. Bagong hilig niya ang mga palabas na pagsurender ng BHB (kahit pa sarili niyang mga kriminal na paramilitar ang gumaganap na mga "rebeldeng" sumurender) para makapamayagpag, mambuska at magbanta.

Mula Apayao hanggang Sultan Kudarat, sinisira ng mga pasistang sundalo ang katahimikan ng sinasakop na mga baryo ng mga magsasaka at minorya. Dumarami ang kaso ng paghuhulog ng mga bomba para lamang paulit-ulit na ipaalala at ipanakot ang pagwasak sa Marawi. Binoblokeyo ng AFP ang daloy ng pagkain at hinahadlangan ang kilos ng mga tao. Ang mga Lumad ng Mindanao, laluna, ay hindi nilulubayan ni Duterte ng mga banta at pananakot para bigyang-daan ang pagpasok ng mga dayuhang korporasyon sa pagmimina at plantasyon.

Isinagasa niya sa Kongreso ang TRAIN ng karagdagang mga buwis na mistulang krus na ipinapapasan sa bayan. Pero ang pangakong wakasan ang kontraktwalisasyon, ipamahagi nang libre ang lupa at iba pang masidhing hinihingi ng bayan ay basta na lamang isinaisantabi at ibinasura ng nag-aambisyong diktador. Tulad ng maraming iba pang pangako niya, napako ang pag-apruba noong Enero sa batas para sa Bangsamoro.

Tuso at manggagantso ang demagogong si Duterte. Sadyang nagsasalita siya ng bulgar para magpakitang-gilas, gumawa at mang-agaw ng eksena, umarteng makamasa o mag-astang walang sinasanto. Pinalalabas niyang nagmula siya sa mahirap at may dugong Moro para pagtakpan na siya ay pasista, bulok at kriminal na burukratang kapitalista at kasosyo ng malalaking komprador-burgis at mga bantog na mandarambong. Sinasabi niyang suklam siya sa droga habang pinoproteksyunan ang kanyang anak at mga kasanggang malalaking utak ng sindikato sa droga. Paulit-ulit niyang idinedeklarang galit siya sa mga Amerikano habang masunuring ipinapatupad ang mga patakarang dikta ng imperyalismong US at tuluy-tuloy na nanunuyo sa pagsuporta nito. Siya daw ay Kaliwa, "sosyalista" at "rebolusyonaryo": Ang totoo siya ay isang sagadsaring pasista, papet at reaksyunaryo.

Ginagawa ngayon ni Duterte ang lahat para ituloy ang ambisyon niyang maging diktador. Tinataktikahan niya ang pagratsada ng chacha para unahan ang eleksyong 2019 at ariin ang Malacañang sa sampung-taon ng "panahon ng transisyon." Marami pa siyang nakatagong baraha at hindi mauubusan ng mga maniobra at daya. Hindi malayong lumikha o sunggaban niya ang isang malaking krisis, tulad ng ginawa niya sa Marawi, para ilusot o ipataw ang kanyang imbing pakanang diktadura sa anyo ng batas militar o ibang anyo ng paghaharing pangkagipitan.

Layunin ni Duterte na ikonsentra sa sariling kamay ang kapangyarihan at gamitin iyon para masakmal niya at ng kanyang mga kasapakat na dinastiyang pampulitika ang pinakamalaking kulimbat, habang ipinagtatanggol ang papet na estado at makauring paghahari ng imperyalismong US at malalaking kumprador at asendero sa pamamagitan ng maramihang pagpatay at walang-awang pagsupil sa mamamayang lumalaban.

Dapat puspusang ilantad, ihiwalay at labanan ng sambayanang Pilipino si Duterte at ang kanyang pakanang pasistang diktadura. Sa buhong na estilo ni Duterte, hindi siya basta magpapahadlang sa anumang tuntunin ng batas o pamantayan ng katwiran. Upang lubos siyang pigilan at biguin, dapat kumpletong sumalig ang sambayanan sa sarili nilang lakas at paglaban.

Ang mga patakaran at hakbanging anti-mamamayan na rin mismo ni Duterte ang nagtutulak para malawakang mapukaw at kumilos ang masa ng sambayanan. Dapat sunggaban ng pambansa-demokratikong pwersa ang napakapaborab-


ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 4 | Pebrero 21, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwc.official

@prwc_info

fb.com/cppinfo

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal**: Puspusang ilantad at labanan ang pakanang diktadurang Duterte at lahatang-panig na isulong ang rebolusyon 1

16 kaswalti ng AFP at PNP 4

AFP at PNP, *private army* ni Duterte 4

Koalisyon laban sa *cha-cha*, binuo 5

Manipulasyon sa suplay ng bigas 5

OFW, biktima ng kapabayaan 7

Militarisasyon ng lupaing ninuno 8

Lansakang paglabag sa karapatang tao 9

Tuluy-tuloy na mga protesta 11



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas




leng kalagayan para mapangahas na palawakin at patindihin ang armado at di-armado, ligal at iligal na paglaban ng mamamayan. Dapat paigtingin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at palawakin ang demokratikong kapangyarihang pulitika.

Gayunpaman, hindi kailanman dapat mag-akala o mag-asam na madaling maiuluwal ang makapangyarihang pagdaluyong ng protesta at pakikibakang bayan. Dapat ubos-kayang balikatin ang mabibigat na kinakailangang mga tungkulin sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa sambayanan, laluna ang batayang masang manggagawa, magsasaka at intelihensya. Dapat matatag na harapin at labanan nang pukpukan ang mga pasistang kabuktutan ni Duterte at kanyang mga pasistang alagad.

Dapat gamitin ng mga pambansa-demokratikong pwersa ang pinakamalawak at pinakapleksibleng mga taktika at gawaing alyansa at kabigin ang pinakamalawak na hanay upang labanan ang pinakamakitid na target na binubuo ng naghaharing pasista at papet na paksyong Duterte. Dapat matuto tayong lumapit at makipagkaisa sa lahat ng pwedeng makaisa laban sa pasistang rehimeng Duterte.

Kaalinsabay nito, dapat maging mulat tayo sa makauring pananaw at interes ng iba't ibang pwersang anti-Duterte. Bilang mga proletaryong rebolusyonaryo, layunin nating palawakin at palalimin sa abot ng makakaya ang pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos ng sambayanan, laluna ang batayang masang manggagawa at magsasaka, laban sa pasista at papet na rehimeng Duterte. Nais nating komprehensibong palawakin at palakasin ang kilusan at pakikibakang antipasista, antipyudal at anti-imperyalista laban sa rehimeng US-Duterte at palakasin nang lahatang-panig ang rebolusyonaryong pwersa at kilusan.

Sa kabilang banda, nais ng mga reaksyunaryong anti-Duterte at mga repormistang burgis at peti-burgis na labanan at talunin ang pangkating Duterte habang pinangangalagaan at ipinipreserba ang naghaharing sistema at estado. Gusto nilang engganyuhin ang paglaban ng mga mamamayan habang nililimitahan at pinakikitid ang layunin nito. Kaya nais nilang ituon ang pansin sa ilang isyu lamang at tabunan ang mga isyu at pakikibaka ng batayang masa.

Dapat mulat na isulong ng mga pwersang pambansa-demokratiko ang sariling inisyatiba at ang pagbubuo ng nagsasariling lakas at pakikibaka ng sambayanan sa pamamagitan ng komprehensibong linya at pakikibakang antipasista, antipyudal at anti-imperyalista. Ibig sabihin, dapat mulat na akuin at puspusang asikasuhin natin ang mahirap na mga gawain sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng mamamayan para sa rebolusyon.

Dapat tuluy-tuloy na ilantad ang korapsyon, kroniyismo, nepotismo, kabulukan, mga krimen, pasismo at pagkapapet ni Duterte. Ihiwalay at labanan si Duterte sa pamamagitan ng pagbubuo ng pinakamalawak na posibleng pagkakaisa laban sa pakanang *cha-cha*, gayundin laban sa TRAIN, laban sa batas militar sa Mindanao, laban sa todo-gera kontra sa BHB at rebolusyonaryong kilusan, laban sa mga pagpatay sa gera kontra-droga at iba pang mga pang-aabuso at kabuktutan ni Duterte.

Buuin ang malawak na pagkakaisa ng iba't ibang pwersang anti-Duterte para labanan ang malupit na gerang Oplan Kapayapaan, tutulan ang pagbibigay ng mga karapatang ekstrateritoryal sa militar ng US, labanan ang panghihimasok militar ng US at pagbibigay ng ayudang militar sa rehimeng Duterte, suportahan ang pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa, laban sa pagpapalawak ng mga plantasyon at asyenda, laban sa pagpasok ng mga dayuhang kumpanya sa pagmimina, laban sa kontraktwalisasyon, para sa umento sa sahod at iba pang mga demokratikong kahilingan ng bayan.

Ang malalapad na protestang anti-Duterte ay dapat iugnay at pagsilbihin sa pagpapalakas at pagsusulong ng mga pakikibakang masang antipasista, anti-pyudal at anti-imperyalista. Sa kabilang dako, sa lahatang-panig na pagsusulong ng mga pakikibakang masa at pagpapalakas ng mga pwersang rebolusyonaryo, higit ding magiging epektibo ang paggamit ng mga taktikang alyansa para ihiwalay at labanan ang naghaharing rehimeng US-Duterte.

Higit sa lahat, dapat palakasin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang kanilang sarili. Dapat mulat at mahigpit na hawakan ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang mga tungkulin para palakasin at palawakin ang Partido, ang Bagong Hukbong Bayan at lahat ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa ilalim ng NDFP.

Kaakibat nito, dapat lagumin ang mga karanasan, pangibabawan ang mga kahinaan at pagkukulang, at komprehensibong buuin ang mga balak batay sa kongkretong sitwasyon para matatag at malakas na isulong ang pakikibaka para wakasan ang rehimeng US-Duterte kasabay ang pagsusulong ng mga pakikibakang masa at digmang bayan sa buong kapuluan. AB


# 16 kaswalti tinamo ng AFP at PNP

NAGTAMO NG 16 na kaswalti ang mga pasistang tropa ni Rodrigo Duterte nitong huling dalawang linggo sa tatlong matatagumpay na kontra-atake ng BHB laban sa terorismo at pasismo ng kanyang rehimen.

**Rizal.** Pinangunahan noong Pebrero 18 ng BHB-Rizal (Narciso Antazo Aramil Command o NAAC) ang matagumpay na ambus sa 28 myembro ng 33rd Company ng PNP-Special Action Force sa Sityo San Joseph, Barangay San Jose, Antipolo City. Lulan ng dalawang sasakyang naka-*convoy*, pabalik na ang mga pulis sa kanilang hedkwarters nang tambangan ng mga Pulang mandirigma dakong alas-6:40 ng umaga. Nagresulta ito sa pagkasawi ng 2 tropang SAF habang anim na iba pa ang sugatan. Walang anumang kaswalti sa mga myembro ng BHB-Rizal.

Sinundan ng NAAC ang matagumpay na opensibang ito ng isa pang ambus laban sa mga elemento ng Rizal Police Mobile Force Company (MFC) noong Pebrero 21. Isinagawa ng mga Pulang mandirigma ang ambus sa Barangay Pinugay, Baras. Tatlo ang sugatan sa hanay ng PNP kabilang ang pinuno ng MFC na si Supt. Melchor Agusin.

Ayon sa NAAC, ang pinagsamang pwersa ng SAF-PNP at 2nd ID PA ay dalawang linggo nang naglulunsad ng kontra-insurhensyang operasyon sa mga baryo ng Antipolo City at mga bayan ng Baras, Rodriguez at Tanay, Rizal alinsunod sa utos ng rehimeng US-Duterte na todo-gera laban sa BHB at buong rebolusyonaryong kilusan. Patuloy rin ang pandarahas at pananakot ng mga sundalo at pulis sa mamamayang lumalaban sa mga proyektong Wawa-Violago Dam sa Antipolo City at Rodriguez, at Wind Power Project sa Pililia na magreresulta sa malawakang pagpapalayas at kawalan ng lupa ng mga magsasaka at katutubong Dumagat at Remontado.



**Davao City.** Habang naghahasik naman ng takot at karahasan ang mga pasistang militar sa 20 komunidad ng mga magsasaka at Lumad sa Talaingod, Davao del Norte, pinasabugan ng *command-detonated explosive* ng Guerrilla Front 56 sa ilalim ng BHB-SMR ang mga nag-ooperasyong tropa ng 3rd IB sa Sityo Balaas, Barangay Gumitan, Marilog District sa Davao City noong Pebrero 9. Lima ang nasawi sa tropa ng 3rd IB.

NOONG ENERO 25, nauna nang naglunsad ng operasyong demolisyon ang mga kasapi ng 1st Pulang Bagani Battalion sa ilalim ng BHB-SMR laban sa nagpapatuloy na militarisasyon ng mga tropa ng 16th IB sa Barangay Mapula, Paquibato District, Davao City noong Enero 25. Nasawi rito ang kumander ng Bravo Company ng 16th Infantry Battalion habang dalawa pang sundalo ang sugatan. Sa parehong araw, hinaras ng mga Pulang mandirigma ang isang platun ng 16th IB sa Barangay Lumiad, kung saan dalawa ang sugatan sa kaaway. AB

# AFP at PNP, private army ni Duterte — Ka Joma

Buang si Duterte sa ibayong pambubulok at paggawa niyang kriminal sa mga upisyal at tauhan ng AFP at PNP."

Ito ang pahayag ni Kasamang Jose Maria Sison, Chief Political Consultant ng NDFP, nang muling udyukan noong Pebrero 19 ni Rodrigo Duterte ang mga tauhan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ng pabuya umanong P100,000 para sa bawat pinaghihinalaang myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na mapapatay ng mga sundalo. Matapos ito ng pang-uupat niya sa mga Lumad na sumapi sa CAFGU at pumatay ng mga Pulang mandirigma kapalit ang P20,000. Itinaas pa niya ang halaga sa P25,000 makalipas ang ilang araw.

Ani Sison, nag-aastang pinuno ng isang kriminal na pangkat si Duterte sa pagkuha ng katapatan ng mga sundalo at CAFGU at pambubuyo sa kanila na maging kasapakat sa kanyang mga krimen ng malawakang pagpaslang kapalit ang pera, promosyon at iba pang pabuya. Sa gayon, ginagawa ni Duterte bilang kanyang *private army* ang AFP at CAFGU upang magsagawa ng krimen at sumuporta sa kanyang pasistang diktadurya.

"Hindi mangangahas ang mga sibilyan na mantugis ng BHB sa mga kagubatan at larangang gerilya," ayon pa kay Sison. Kung kaya't "ang mga bulok at kriminal na sundalo ni Duterte ang magsasagawa ng mga pagdukot at malawakang pagpatay sa ilalim ng Oplan Kapayapaan katulad ng ginawa ng pulisya sa ilalim ng Oplan Tokhang."

Nauna nang kinutsaba ni Duterte ang PNP sa malawakang pagpaslang ng kanyang gera "kontra-droga" sa pamamagitan paglustay ng pampublikong pondo bilang P10,000-20,000 gantimpala sa bawat mabibiktima ng mga pulis.

Tinataya ni Sison na magsasagawa ang AFP, PNP at CAFGU ng mga masaker sa buong bansa, sa tabing ng paglulunsad ng gera "kontra-droga" at "terorismo" na itinutulak ng mga utos, panunulsol at pagbibigay-gantimpala ni Duterte. AB

## Koalisyon kontra *cha-cha*, binuo

INILUNSAD NOONG PEBRERO 13 sa UP Diliman College of Law ang No To Cha-cha Coalition upang kontrahin ang pagbabago sa konstitusyon ng 1987 at ang pagtutulak ng rehimeng Duterte ng "pederalismo." Nakapaloob sa koalisyon ang mga progresibong organisasyon, mga lider mula sa akademya at simbahan, at mga dating mambabatas at mahistrado.

Kabilang dito sina Neri Colmenares at Satur Ocampo ng Bayan Muna, Lorenzo Tañada III, Rene Saguisag, Sr. Mary John Mananzan, Christian Monsod, dating Chief Justice Hilario Davide Jr., retired Bishop Deogracias Iñiguez, at dating mahistrado na si Vicente Mendoza.

Ayon sa grupo, ang kasalukuyang mga hakbang para baguhin ang konstitusyon ay "makasarili, di-demokratiko at di-patriyotiko." Kabilang sa tinukoy ang mga panukalang magbibigay kay Duterte ng kapangyarihang ala-diktador at ang muling pagkandidato sa 2022; ang pagpapalawig ng termino ng kasalukuyang mga upisyal nang lima pang taon matapos ang 2022; pagpapatatag ng sistemang *pork barrel*; pagpapatatag ng mga rehiyunal na estado pabor sa mga pampulitikang dinastiya; at mga panukalang nag-aalis o nagpapalabnaw sa mga probisyong makabayan at progresibo sa larangan ng ekonomya, patrimonya, soberanya, hustisyang panlipunan at karapatang tao.

Kinuwestiyon ni Monsod ang planong "pederalismo" ng rehimen na tila pakana lamang umano para makapagtatag ng diktadurya. Tinukoy niya ang tinatayang panahon ng transisyon para sa "pederalismo" na magtatapos sa 2030, na magbibigay sa mga mahahahal sa 2019 ng 11-taong termino.

Muli ring binigyang-diin ni Davide na ang itinutulak na "pederalismo" ni Duterte, sa katunayan, ay "pyudalismo" dahil sa pananatili ng mga pampulitikang dinastiya sa kapangyarihan. Hinikayat niya ang mga senador at kongresman na huwag maging kasangkapan sa pambabaluktot ng konstitusyon.

Ayon naman kay dating Bayan Muna Rep. Neri Colmenares, ang *cha-cha* ni Duterte at ng kanyang "supermayorya" ang pinakamasahol na tangkang baguhin ang konstitusyon. Aniya, hindi lamang naikokonsentra ang mapanupil na mga kapangyarihan sa Presidente, kundi ginagawa ring batas ang mga makasariling adyenda ng mga pulitiko na "sumasakay lamang sa popularidad" ni Duterte. Tinukoy ni Colmenares ang panukalang probisyon na magbibigay ng kapangyarihan kay Duterte na pangasiwaan ang lahat ng sangay ng gubyerno.

Plano ng koalisyon na magsagawa ng mga pampublikong talakayan at mobilisasyon, makipagugnayan sa mga *netizen* sa *social media* at magsagawa ng ligal na aksyon upang labanan ang *cha-cha* ni Duterte.




# Manipulasyon sa suplay ng bigas

Dineklara ng National Food Authority (NFA) nitong Pebrero 6 ang kaunting suplay ng bigas ng ahensya. Mababa umano ang imbentaryo sa NFA *rice*, at kung hindi aaprubahan ang importasyon, hanggang 18 araw na lamang ang suplay ng mabibiling murang bigas. Liban dito, dalawang araw lamang daw ang itatagal ng *buffer stock* o panigurong imbak na bigas para sa panahon ng kalamidad.

Bilang solusyon diumano, inaprubahan ng NFA Council nitong Pebrero 12 ang pag-angkat ng NFA ng 250,000 metriko tonelada (MT) ng bigas bilang karagdagan sa 805,000MT na inangkat noong Agosto 2017.

Halos dalawang buwan na ring hirap ang mga mamimili sa paghahanap ng mabibiling NFA *rice* sa mga palengke na nagkakahalaga ng P27-32 kada kilo. Dahil dito, marami sa kanila ang napipilitang bumili ng komersyal na bigas na nagkakahalaga ng P41 pataas.

Pinasinungalingan ng Bantay Bigas, alyansang nagtataguyod ng sapat, ligtas at abot-kayang suplay ng bigas, ang pahayag ng NFA. Ayon sa grupo, walang krisis sa bigas. Ang mayroon ay ang paulit-ulit na manipulasyon ng NFA para bigyang katwiran ang papalaki pang pag-aangkat ng bigas.

Matagal nang pinagkakakitaan ng mga upisyal ng NFA ang iligal na pag-iimbak *(hoarding)*, pagbili ng inaangkat na bigas sa napakataas na halaga, pagmamanipula sa presyo, at pagbebenta ng inangkat na

bigas sa malalaking mangangalakal. Nagreresulta ito sa artipisyal na kakulangan ng bigas sa pamilihan.

Malaking pakinabang para kay Duterte ang pagpapailalim ng NFA sa pangangasiwa ng isa sa kanyang pinakamatatapat na alagad na si Cabinet Secretary Leoncio Evasco Jr.. Sa pamamagitan ni Evasco, kontrolado ni Duterte hindi lamang ang negosyo sa importasyon kundi maging ang mga kartel at sindikato sa ismagling ng bigas.

**Pahirap na mga patakaran**

Sa pagpapatindi ng liberalisasyon, tinanggal ng rehimeng Duterte noong 2017 ang *quantitative restriction* o probisyon na nagtatakda ng kota sa dami ng inaangkat na bigas. Sa halip, nagpataw na lamang ng 35% na taripa alinsunod sa probisyon ng World Trade Organization na higit pang buksan ang sektor ng agrikultura sa pribadong pamumuhunan.


Lulubha pa ito sa pagbasura sa PD No. 4 of 1972 na nag-aabandona sa tungkulin ng NFA na tiyakin ang suplay ng bigas sa bansa. Sa halip ay magmamantine na lamang ito ng *buffer stock*.

Hindi na tinutupad ng NFA ang obligasyon nitong bilhin ang 10% ng kabuuang ani ng palay sa bansa. Noong 2016, wala pang 1% ng lokal na produksyon ang binili ng NFA. Labis ding binabarat ng ahensya ang mga magsasaka sa paggigiit na ibenta ang kanilang produktong palay sa napakababang P17 kada kilo.

"Sa halip na suportahan ang lokal na produksyon ng bigas at pagbili nito, mas pinipili ng rehimeng Duterte na umasa sa pag-angkat ng bigas, tulad ng mga nakaraang administrasyon," ayon kay Cathy Estavillo, tagapagsalita ng Bantay Bigas.

Ayon pa sa grupo, matagal nang iniinda ng mga magsasaka ang pag-angkat ng bigas. Dahil sa higit pang pagbubukas ng sektor ng agrikultura para sa pribado at dayuhang mga negosyante, pinapatay ang lokal na industriya ng bigas habang papaliit pa ang kita ng mga magsasaka. Hindi rin totoo na magmumura ang presyo ng bigas. Noon pang 1995 nagsimula ang maramihang pag-angkat ng bigas sa bansa na nagresulta sa tuluy-tuloy na pagsirit ng presyo ng bigas sa mga palengke.

Pasan din ng mga magsasaka ang bagong batas sa pagbubuwis na higit pang nagpamahal sa binhi at gamit pananim. Halimbawa nito ang presyo ng abono, na halos doble ang itinaas ng presyo kada sako mula P800 tungong P1,500. Apektado rin ng P40 kada litrong presyo ng krudo ang pagpapaandar ng mga makina sa pagsasaka at transportasyon ng mga produktong agrikultural.



Kung hindi agad maaaksyunan ng naghaharing gubyerno ang artipisyal na kawalan ng bigas, maaaring magresulta ito ng mataas na tantos ng kagutuman at kahirapan. Tinatayang may 10 milyong indibidwal ang kumokonsumo ng bigas na NFA, mayorya dito ang walang kakayahang bumili ng komersyal na bigas.

Sa Pampanga pa lamang, nagulat na ang lokal na gubyerno nito na maaaring mawalan ng subsidyong bigas ang may 2,533 bilanggo sakaling tumigil ang NFA sa pagsuplay ng murang bigas.

Itinigil na rin ng NFA ang pamamahagi ng bigas sa apat na prubinsya ng Eastern Visayas. Sa Northern Samar, mayroon na lamang 13,442 sako ng NFA *rice* mula noong Pebrero 14. Gayundin, ang *buffer stock* ng buong rehiyon ay sapat na lamang para sa isa't kalahating araw. Ayon sa mga residente at magsasaka, patitindihin nito ang umiiral nang kagutuman ng mamamayan ng rehiyon.

Kung tutuusin, ayon sa KMP, hindi kakailanganing mag-angkat ng bigas ang gubyernong Duterte kung seryoso itong lutasin ang problema. Agrikultural na bansa ang Pilipinas at kayang magprodyus ng mga magsasaka ng bigas para sa buong bansa kung bibigyan lang ng karampatang suporta ng gubyerno.

Hinamon ng grupo ang rehimen na itigil ang patakarang pag-angkat ng bigas sapagkat malaon na itong nakaapekto sa lokal na produksyon, sa kabuhayan ng mga magsasaka at seguridad sa pagkain sa bansa.

Ani Estavillo, kung ang problema ay ang pagtatago at iligal na pag-iimbak ng bigas, dapat higpitan ang pagsubaybay dito, bantayan ang mga bodega at parusahan ang lahat ng sangkot. Kontrolin ang presyo kung ang problema ay ang pagtaas ng halaga ng bigas. Dapat ding pataasin ang presyo ng pagbili ng palay upang paramihin ang *buffer stock* at makatulong sa kabuhayan ng mga magsasaka. Kung mababa ang pagprodyus ng mga lokal na palay, tugunan ang isyu ng kawalan ng lupa, at bigyang serbisyo at subsidyo ang mga magbubukid katulad ng mga makina at *post-harvest facilities.*

Ang seguridad sa pagkain ay tungkulin ng gubyerno, giit ng grupo. Usapin na lang kung kaninong interes ito naglilingkod.

Dahil sa ganitong kalagayan, papaliit ang kakayahan ng mga mahihirap sa pagbili ng makakaing bigas. Nanganganib din ang kabuhayan ng milyun-milyong pamilyang magsasaka dahil patuloy silang nalulubog sa utang dulot ng kawalan ng programa para sa tunay na reporma sa lupa na magbibigay sa kanila ng seguridad sa pagkain at kabuhayan. AB

# OFW, biktima ng kapabayaan ng gubyerno

Unang linggo ng Pebrero nang mabalita sa mga dyaryo ang pagkakapaslang kay Joanna Demafelis, isang *overseas contract worker* na nagtatrabaho bilang kasambahay sa Kuwait. Mahigit isang taong nakasilid ang kanyang bangkay sa *freezer* sa isang abandonadong *apartment*, may mga marka ng sugat at bali ang mga buto. Kinumpirma ng mga imbestigador na pinahirapan muna si Demafelis bago patayin.

Si Demafelis at ang kanyang pamilya ay biktima ng bagyong Yolanda kung kaya't napilitan siyang lumabas ng bansa noong 2014 para maghanapbuhay. Tulad ng milyun-milyong migranteng Pilipino, umaasa rin siyang maiahon ang kanyang pamilya sa kahirapan.

Taong 2016 naputol ang ugnayan ni Joanna sa kanyang pamilya. Makalipas ang ilang buwan na hindi makontak, nag-ulat ang kanyang kapatid na si Jessica sa Philippine Overseas Employment Administration (POEA) at Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) subalit walang ginawang aksyon ang mga ito at sa halip ay sinabihan lamang silang maghintay.

Noong Pebrero 18, sinalubong ng nagdadalamhating pamilya ni Joanna ang kanyang katawan mula sa Kuwait. Bitbit ang *tarpaulin* at suot ang puting *t-shirt,* nanawagan sila ng hustisya at agarang aksyon ng gubyernong Duterte para papanagutin ang pumaslang kay Joanna. Dagdag pa nila, kung agad lang tumugon ang OWWA at POEA sa kanilang apela, baka may nagawa pa upang mailigtas si Joanna.

Bilang pakikiisa, naglunsad ang mga OFW na kasapi ng Migrante International ng iba't ibang porma ng pagkilos nang araw na iyon. Nagtipon-tipon sila sa harap ng simbahan ng Baclaran upang magsindi ng kandila bilang panawagan ng katarungan para kay Demafelis at sa kanyang pamilya. Katarungan din ang panawagan ng grupo para sa iba pang OFW na nakararanas ng pagmamalupit bunga ng kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno.




Bago ang pagsisindi ng kandila, nagkaroon muna ng misa at pagharap sa midya ng mga bumalik na OFW mula sa Kuwait na pinangunahan din ng Migrante at ng St. John Neumann Migrants Center. Nagkaroon din ng katulad na pagtitipon sa Iloilo na pinangunahan ng Migrante Panay-Guimaras at Diocese of Jaro.

Pinaalala rin ng grupo na noong 2017, huli na nang malaman sa bansa na binitay ng gubyerno ng Kuwait si Jakatia Pawa, isa ring OFW mula sa Zamboanga Sibugay. May mga ulat rin hinggil sa kaso ng pagpapakamatay ng mga OFW dahil na rin sa dinaranas nilang pang-aabuso sa trabaho. Hindi rin maitatanggi maging ng rehimen ang mahigit 180 namatay na OFW sa Kuwait sa ilalim ng panunungkulan ni Duterte. May 12 pang kaso ng pagkamatay na kasalukuyang iniimbestigahan dahil sa posibleng *foul play*.

Giit din ng Migrante na imbestigahan maging ang pagkamatay ni Josie Perez Lloren, dating kasambahay mula sa Kuwait na namatay nitong Pebrero. Ayon kay Greg Perez, kapatid ng OFW, bumalik sa bansa noong Enero 26 si Lloren na may matinding karamdaman kung kaya't idiniretso siya sa ospital. Gayunpaman, hindi na nakauwi ang kanyang kapatid sa kanilang bayan sa Murcia, Negros Occidental dahil namatay na ito sa ospital dalawang linggo matapos i-*confine*.

Ayon pa kay Greg, inirereklamo noon ng kanyang kapatid ang pagmamalupit ng kanyang amo na minsa'y ikinukulong siya at pinatutulog sa banyo. Inilipat si Lloren sa ibang amo ngunit pinagtrabaho din umano nang matindi. Sa pamamagitan ng Migrante, naiuwi si Lloren ngunit dumaranas na ng matinding *ulcer*. Hinala ng Migrante na ginutom si Lloren sa Kuwait.

Hinamon ng Migrante ang rehimen na imbestigahan ang mga upisyal na nagpabaya sa pag-asikaso sa mga naghihirap na OFW. Binatikos din nila ang pagluluhang-buwaya ni Duterte sa pagpapabalik ng mahigit 250,000 manggagawang Pilipino mula sa Kuwait bilang pangangalaga umano sa kanilang kapakanan. Anang grupo, hindi pa rin nilulutas ang ugat ng sapilitang pangingibang-bansa at winawakasan ang patakarang labor-export. Sa halip, inihain ng rehimen ang mga OFW na galing Kuwait sa China, na naghahanap ngayon ng 300,000 murang lakas-paggawa.

Noong Pebrero 19, kinalampag ng mga myembro ng Bayan-Panay ang rehimeng Duterte sa patuloy nitong pagbabandera ng murang lakas paggawa ng mga Pilipino sa ibang bansa. Ayon kay Elmer Forro, lider ng grupo, si Duterte ang pangunahing dapat sisihin dahil hindi ito makapagbigay ng kabuhayan sa mamamayan na nagtutulak upang ang mga ito'y mangibang bansa at nagiging bulnerable sa mga pang-aabuso. AB

# Militarisasyon ng lupaing ninuno para sa negosyo

Pinatinding militarisasyon ang isinagawa ng Armed Forces of the Philippines matapos itaboy ni Rodrigo Duterte ang mga Lumad mula sa kanilang mga lupaing ninuno upang papasukin ang mga pinaborang kapitalista na mamuhunan sa mga ito. Pinakilos ni Duterte ang AFP Eastern Mindanao Command upang atakehin ang prayoridad na mga komunidad ng Lumad sa mga rehiyon ng Caraga at Southern Mindanao.

Sa Caraga, hindi bababa sa sampung batalyon ng AFP, maliban pa sa ibang pinagsanib na mga tropang AFP-PNP, ang kasalukuyang nag-ooperasyon sa rehiyon, kalakha'y sa mga komunidad ng mga Manobo at Mamanwa. Ayon sa kalipunan ng mga organisasyong Lumad na KASALO (Kahugpongan sa Lumadnong Organisasyon), layunin ng militarisasyon na palayasin sila at bigyang daan ang malalaking mina, plantasyon, *hydropower* at iba pang proyekto ng rehimeng US-Duterte.

Sa Surigao del Sur, limang dambuhalang kumpanya ng mina ang nakaantabay nang magsimula ng kanilang operasyon sa Andap Valley Complex (mga bayan ng San Miguel, San Agustin, Marihatag, Cagwait, Tago at Lianga) kung saan aabot sa 600 sundalo ang nag-ooperasyon sa 26 komunidad ng mga Lumad at magsasaka. Dahil dito, umaabot na sa 345 pamilya (mahigit 1,600 indibidwal) mula sa 14 na komunidad ang napilitang lisanin ang kanilang mga lupain mula Enero 28 hanggang Pebrero 7.

Walang humpay rin ang mga operasyong militar sa mga kabundukan ng Gigaquit, Sison at Surigao City sa prubinsya ng Surigao del Norte na tinatarget pagpalawakan ng pagmimina ng tatlong malakihang kumpanya.

Sa Agusan del Norte, umaabot sa 100 sundalo ang nag-ooperasyon sa mabundok na bahagi ng Butuan City na balak namang pasukin ng pagmimina ng karbon. Dahil sa militarisasyon, 115 pamilyang Lumad mula sa Sityo Patagon ang nagbakwit sa karatig sityo ng Dugyaman sa Barangay Anticala noong Pebrero 5. Samantala, sa bayan ng Kitcharao, simula pa noong Pebrero 2 ay nagpakat na ang 4th ID ng mahigit isang batalyong sundalo sa mga Sityo ng Ansili at Zapanta Valley sa Barangay Bangayan. Nag-utos rin si BGen. Franco Nemesio Gacal ng 402nd IBde sa lahat niyang tauhan na magsagawa ng "maghapon at magdamagang" operasyon sa kani-kanilang saklaw. Nagresulta ito sa paglikas ng may 100 pamilyang setler at Mamanwa.


Itinatayo na sa lugar ang isang *hydropower plant* at target ding pasukin ng dalawang kumpanya ng mina.

Samantala, 200,000 ektaryang lupaing ninuno sa Agusan del Sur, gayundin sa hangganan ng Agusan at Surigao ang balak pagtayuan ng ipinangako ni Duterte sa Malaysia at Indonesia na mga plantasyon ng *oil palm*. Dahil dito, apat na batalyon ang nag-ooperasyon sa lugar. Nagresulta ang mga operasyong ito sa pagpatay ng mga sundalo sa isang magsasaka sa Barangay Imelda, Bunawan noong Enero (Basahin sa *Ang Bayan* Enero 21) at sa Barangay Bunawan Brook sa parehong bayan noong Pebrero 15.

Maliban sa pang-aagaw ng lupa, pagpaslang at panunupil sa mga Lumad at magsasaka, ginagawa ring pananggalang ng mga sundalo ang mga residente. Sa Ansili noong Pebrero 4, matapos ang labanan sa pagitan ng BHB at AFP, pinuntahan ng mga sundalo ang lumikas na mga residente at humimpil din sa purok *hall* at eskwelahan.

Gayundin, nahinto ang pag-aaral ng may 677 estudyanteng Manobo at Mamanwa mula sa walong paaralan, at 20 estudyante ng *adult literacy* sa Surigao del Sur at Agusan del Norte.

Pinaigting din ng AFP ang atake nito sa mga komunidad ng Lumad sa Southern Mindanao Region. Sa kasalukuyan, aabot sa 17 batalyon ng AFP ang nakapakat sa buong rehiyon. Militarisado ngayon ang mga komunidad sa Talaingod, Davao del Norte; Paquibato, Marilog, Baguio




at Toril sa Davao City; Monkayo, New Bataan, Compostela at Maragusan sa Compostela Valley; Magpet at Arakan sa North Cotabato; at Boston, Cateel, Tarragona at Caraga sa Davao Oriental.

Sa mahigit 60 mga komunidad, lansakan ang pambubuyo ng AFP sa mga Lumad upang udyukan silang maglaban-laban. Laganap din ang sapilitang pagrerekrut sa CAFGU, pagbabanta ng pagpaslang, pambobomba at blokeyo ng pagkain, sapilitang pagpapalikas, panggigipit sa mga lider-Lumad at iba pang panunupil.

Partikular sa bayan ng Caraga sa Davao Oriental, nagbanta ang 67th IB at paramilitar na MANADU na bobombahin at imamasaker nila ang may 100 pamilyang Manobo sa mga sityo ng Catagbakan at Panlalaisan sa Barangay Pichon. Dahil dito, napilitang lumikas ang mga residente tungo sa sentro ng barangay noong Pebrero 12.

Dagdag na bilang ito sa di bababa sa 1,000 residenteng napilitan ding lumikas sa mga barangay ng Langgawisan at Lahi sa Maragusan, Compostela Valley noong Pebrero 5. AB




# Lansakang mga paglabag sa karapatang tao

Nagpapatuloy ang iba't ibang tipo ng pananalasa ng pasistang rehimen ni Duterte sa iba pang dako ng bansa. Nitong nagdaang mga linggo, pangunahing mga biktima ang mga magsasaka at katutubo na nagsusulong ng kanilang mga kampanya para sa karapatan at kabuhayan.

**Pagpaslang.** Pinatay ng mga nag-ooperasyong sundalo ng 75th IB ang magsasakang si Kenard Barientos, 23, residente ng Sityo Kabaohan, Barangay Bunawan Brook, Bunawan, Agusan del Sur noong Pebrero 15. Galing sa kanyang sakahan si Barientos at pauwi na ng kanilang bahay nang masumpungan ng mga sundalo. Ayon sa kanyang ama, matapos ang unang putok ay nakasigaw pa si Barientos upang humingi ng tulong. Sinundan ito ng isa pang putok na siya nang ikinamatay ng binata. Matapos ang pamamaslang, pinaratangan ng mga sundalo na myembro umano ng BHB si Barientos.

Noong tanghali ng Enero 29, pinatay ng pinaniniwalaang *death squad* ng 2nd IB at 5th PNP RPSB si Ferdinand Mendez, 40, sa Sityo Lantawan, Barangay Cantorna, Monreal, Masbate. Si Mendez, kagawad ng Sangguniang Bayan, ay pauwi mula sa munisipyo nang harangin ng mga nakamotorsiklong salarin at pagbabarilin. Matapos ang krimen, nakita ang mga salarin na pumasok sa kampo ng 2nd IB sa karatig baryo ng Rizal. Kilala si Mendez sa Monreal na matulungin sa mahihirap laluna sa mga magsasakang biktima ng pang-aabuso ng mga sundalo at pulis.

**Pagpapasurender.** Sapilitang pinasuko noong Pebrero 10 ng 17th IB sa pamumuno ni Lt Col Camillo Saddam ang limang sibilyan sa Rizal, Cagayan at iprinisinta sa publiko bilang umano'y mga myembro ng BHB. Kinilala ang mga sibilyan na sina Rafael Guimay, Nelson Guimay, Matias Asco, Silvia Maglapay at Mario Garon, pawang mga magsasaka at residente ng Zinundungan Valley.

Bago nito, iligal na inaresto ng mga sundalo si Rafael Guimay at ang kanyang asawa noong tanghali ng Pebrero 9 sa Barangay Gagabutan. Papunta sa sentrong bayan ang mag-asawa upang magbenta ng kanilang produktong mais. Dinala ang mag-asawa sa malapit na kampo ng CAFGU, at isinailalim sa interogasyon at ibininbin ng ilang oras.

Kinabukasan, iligal ding inaresto ng PNP ang apat pang kababaryo ni Rafael, na muli ring pinatawag ng mga sundalo. Dinala ang mga magsasaka sa kampo ng 17th IB sa Barangay Masin, Alcala at ininteroga. Hapon na ng sumunod na araw sila pinalaya. Ayon sa mga inaresto, mayroon pang mahigit 40 silang kababaryo na nasa listahan ng 17th IB at plano ring "pasurenderin".

**Iligal na pag-aresto at panggigipit.** Noong Pebrero 7, iligal na inaresto ng mga elemento ng Marine Battalion Landing Team 2 si Jolita G. Tolino sa Sityo Tinagdanan, Barangay Hinalaan, Kalamansig, Sultan Kudarat. Si Tolino ay isang gurong Dulangan Manobo ng Center for Lumad Advocacy, Networking and Services, Inc. (CLANS).

Matapos ang serye ng mga interogasyon ng Marines kay Tolino hinggil sa umano'y mga taong nagbibigay-suporta sa CLANS, paggamit niya ng baril at paglahok sa mga aksyong protesta, sinampahan siya ng gawa-gawang kaso ng *murder* at *frustrated murder* at ikinulong ng PNP Kalamansig.

Mariing kinundena ng CLANS ang pag-aresto kay Tolino bilang panibagong atake sa mga iskwelahang Lumad. Kabilang ang mga

iskwelahan ng CLANS sa tinatanggihang bigyan ng *permit* at ipinasasara ng reaksyunaryong gubyerno. Anim na iba pang guro ng CLANS at myembro ng Parent-Teacher-Community Association ang humaharap sa gawa-gawang mga kasong sinampa ng Philippine Marines at PNP Kalamansig.

Noong Pebrero 17, bandang alas-3 ng hapon, iligal na inaresto ng mga sundalo ng 25th IB sa pamumuno ni Lt Col Jaime R. Datuin si Eugene Laurente, *volunteer teacher* mula sa Assumption College of Davao, habang nagpapadaloy ng kontra-drogang *workshop* sa New Dalaguit Elementary School sa Montevista, Compostela Valley. Kasama niyang inaresto ang apat pang boluntir mula sa komunidad na sina Darlene Dasig, Gredelix Ornopia, Amy Kamaso at isang menor de edad.

Ayon sa Karapatan-SMR, kung hindi nagmatigas ang mga tagapagpadaloy ay tinangka pa sanang arestuhin ng kasundaluhan ang 24 kabataan at bata na delegado sa naturang aktibidad.

Dinala ang mga inaresto sa kampo ng 25th IB sa Monkayo at doon ipinailalim sa interogasyon hanggang Pebrero 19. Hawak pa rin ng 25th IB si Kamaso, na ayon sa kanyang mga kasamahan ay sinasaktan habang iniinteroga.

Iligal ding inaresto ng PNP-CIDG noong Pebrero 15 ang magsasakang si Kevin Millio, 27, residente ng Barangay Jose Ancheta, Maddela, Quirino. Sinampahan siya ng inimbentong kaso ng pag-iingat ng mga eksplosibo at iniharap sa publiko bilang myembro umano ng BHB.

Noong Pebrero 13, pinagbintangan ng isang ahente sa paniktik ng 5th ID na nagpakilalang "Fred Natividad" ang isang lider-estudyante na myembro umano ng PKP at binubuyo na magmanman para sa mga militar. Ayon sa panrehiyong organisasyon ng mga kabataan na Masakbayan Cagayan Valley, tinawagan ni "Fred" ang naturang estudyante at pinipilit na sumali sa Students Intelligence Network para magbigay ng impormasyon ukol sa mga pulong at aktibidad ng mga organisasyon sa loob at labas ng kanyang unibersidad.

Sa Tacloban, Leyte, tatlong ulit na pinaputukan ng .45 kalibreng pistola ang bahay ni Carmelito Morales sa Barangay Cabalawan noong Pebrero 13. Si Morales ay myembro ng Nagkaurusa nga Parag-uma para ha Seguridad ngan Ekonomiya. Pinaniniwalaan ng organisasyon na ang salarin ay tauhan ng panginoong maylupa na inutusan upang gipitin ang mga magsasakang inaagawan ng lupa.

Hinarang noong Pebrero 19 ng mga sundalo ng 75th IB ang delegasyon ng International Solidarity Mission (ISM) sa itinayong *checkpoint* sa Sityo Neptune, Barangay Diatagon, Lianga, Surigao del Sur at pinagbawalang pumasok sa mga komunidad ng Lumad. Ito'y sa kabila ng pagsama ng kinatawan ng lokal na pamahalaan ng Lianga at tagapangulo ng Friends of the Lumad in Caraga. Pinangunahan ang ISM ng Mindanaoans for Civil Liberties at International Coalition for Human Rights in the Philippines. Binalak sana nilang alamin ang kalagayan ng mga bakwit na Lumad mula sa 26 komunidad na dumaranas ng blokeyo ng pagkain, matinding mga pagbabanta, panggigipit at iba pang pag-abuso ng 75th IB.


Ayon sa mga delegado, sa buong panahong ibininbin sila sa *checkpoint*, naglipana ang mga sundalong kumukuha ng mga litrato nila at maging ng mga plaka ng kanilang mga sasakyan.

**Militarisasyon.** Magmula pa noong Enero 31, pinuwestuhan ng aabot sa 70 sundalo mula sa 14th IB sa pamumuno ni Lt Col Manuel Leo Gador ang di bababa sa tatlong barangay ng Can-avid sa Eastern Samar. Tinakot ng mga sundalo ang mga residente na anim na buwan hanggang isang taon umano silang magsasagawa ng operasyong kombat at saywar tulad ng *martial law* sa Mindanao.

Matapos ang pahayag na ito, tuluy-tuloy na ang ginagawang "census" ng mga sundalo na pumipigil sa malayang paggalaw at pag-oorganisa ng mga residente. Inoobliga rin silang magpakita ng ID at pinapatawan ng *curfew*, partikular sa mga barangay ng Boco, Pandol at Ilay.

Sa Quezon, Bukidnon, pinuwestuhan ng mga sundalo ng 26th IB at 8th IB ang Sityo Elian, Barangay Santa Felomina mula pa noong Pebrero 9. Sapilitang pinagsusundalo at pinapasali sa CAFGU ang mga residente na nagdudulot ng ligalig sa komunidad. Apektado ng naturang operasyon ang di bababa sa 18 kabahayan sa sityo. Inireklamo din ng mga guro ang pag-okupa ng mga militar sa iskwelahang pinatatakbo ng Rural Missionaries of the Philippines. Dahil dito ay natigil ang pag-aaral ng 34 estudyante.

**Demolisyon.** Giniba ng mga tauhan ng Taguig Public Order & Safety Office ang mga pwesto ng manininda sa Western Bicutan Market noong Pebrero 19. Ayon sa mga manininda, pag-aari umano ng Department of Transportation ang lupang kinatatayuan ng palengke. Balak itayo sa lugar ang isang terminal sa ilalim ng "Build, Build, Build" ng rehimen. AB



# Tuluy-tuloy na mga protesta

Iba't ibang tipo ng protesta ang inilunsad ng mamamayan nitong nakaraang mga linggo. Tampok sa mga ito ang mga protesta ng kabataan laban sa komersyalisadong edukasyon, paggiit ng mga manggagawa para sa mataas na sahod at pagbasura sa kontraktwalisasyon, at pagkilos ng kababaihan laban sa karahasan.

**Laban sa komersyalisadong edukasyon.** Pebrero 20, naglunsad ng *silent protest* ang Anakbayan at League of Filipino Students ng University of Sto. Tomas Senior High School laban sa programang K-12 na ipinagpapatuloy ng administrasyong Duterte. Kasama sa kanilang panawagan ang pagbasura sa patakarang *labor export* at pagpapataas ng sweldo ng mga guro.

Nagbihis ang mga estudyante bilang iba't ibang nakaempakeng manggagawang pang-eksport at may busal ang mga bibig bilang resulta ng K-12. Tahimik silang nagmartsa sa mga pasilyo ng paaralan.




Dahil dito, hinarang sila ng administrasyon at ipinatawag sa tanggapan ng prinsipal. Kinumpiska rin ang kanilang mga ID at *cellphone*. Ang panunupil na ito ay sinundan agad ng indignasyon sa P. Noval St. na dinaluhan ng mga kabataan at estudyante sa kalapit na mga unibersidad.

Ayon kay Krisha Nayga ng LFS-UST SHS, pinagbabayad ang mga estudyante ng napakatataas na matrikula at iba pang bayarin. Ang mga estudyante rin aniya ang pinabibili ng mga gamit para sa laboratoryo dahil sa kakulangan ng mga kagamitan sa paaralan. Dagdag naman ni Blaise Bellosillo ng Anakbayan UST SHS, ginagawang huthutan ng K-12 ang mga magulang at mag-aaral. Wala rin umano silang napapala sa sistemang *voucher* na laging ipinapangakong magsusubsidyo sa kanilang mga matrikula.

Bago nito, binoykot ng mga lider-estudyante, mga publikasyon at mga konseho ng iba't ibang kolehiyo ng University of the East (UE) ang ipinatawag na konsultasyon ng administrasyon noong Pebrero 19 kaugnay ng nakaumang na pagtaas na 5% ng *tuition* at iba pang bayarin sa eskwelahan ngayong darating na pagbubukas ng klase. Maging ang mga kasapi ng UE Faculty Association (UEFA) ay hindi din dumalo sa nasabing pulong.

Ayon sa mga datos, lumaki ng 36% ang kita ng UE mula 2010 hanggang 2016. Ngunit inireklamo ng mga mag-aaral na sa kabila nito, hindi sila nabibigyan ng de-kalidad na mga pasilidad at kurikulum. Tinakot naman ng administrasyon ang mga estudyante na isususpinde ang may planong maglunsad ng protesta kaugnay ng pagtaas ng matrikula.

**Laban sa TRAIN at Chacha.** Lumahok sa Black Friday Protest noong Pebrero 16, alas 5:00 ng hapon sa Welcome Rotonda, ang mga myembro ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura. Ayon kay John Milton Lozande, pangkalahatang kalihim ng UMA, "hindi na nga nakabubuhay ang sweldo sa loob ng mga plantasyon at asyenda, panibagong pasanin pa ang buwis sa pangunahing bilihin dulot ng TRAIN *law*."

Noong Pebrero 14, nagpiket ang mga myembro ng Amihan at alyansang Bantay Bigas sa harap ng Department of Agriculture laban sa mataas na presyo ng bigas. Dinaan ng grupo sa *hugot lines* ang kanilang panawagan katulad ng "Mahal, minsan *jowa*, minsan bigas."

Sa Cebu City, sinugod ng may 100 myembro mula sa iba't ibang sektor ng mahihirap, mga tsuper, estudyante, manggagawa at magsasaka ang pagpunta ni Rodrigo Duterte sa syudad noong Pebrero 12. Nagpunta sa Cebu si Duterte upang kunin ang suporta ng mga lokal na gubyerno sa Visayas para sa itinutulak niyang "pederalismo." Nakatakda sanang magmartsa ang grupo papunta sa kampo ng PNP Regional Office 7 upang ipanawagan ang pagtutol sa gera "kontra-droga" at *crackdown* sa mga aktibista nang sila ay marahas na binuwag ng may tatlumpung kasapi ng kapulisan mula sa Civil Disturbance Management. Kinundena ng Bagong Alyansang Makabayan-Central Visayas ang pangyayari.

Nitong Pebrero 19, muling naglunsad ng kilos protesta ang mga drayber at opereytor ng dyip sa Maynila at mga kanugnog lalawigan ng Cavite, Laguna, Rizal at Bulacan. Mula sa Welcome Rotonda ay nagmartsa ang grupo papuntang Mendiola. Muli nilang pinanawagan ang pagbasura sa Jeepney Phase Out at TRAIN.

**Laban sa Pasismo.** Sa pangunguna ng Karapatan at Desaparecidos, nagpiket ang mga myembro ng mga progresibong organisasyon mula sa Metro Manila, Central Luzon at Southern Tagalog sa harap ng Malolos RTC noong Pebrero 15 upang ipanawagan ang pagparusa kay Ret. BGen. Jovito Palparan. Kasabay ito ng huling araw ng pagdinig sa kasong *kidnapping* at *serious illegal detention* na isinampa ng mga Cadapan at Empeño laban kay Palparan. Labing-isang taon na ang nakalipas mula ng dinukot sina Sherlyn Cadapan at Karen Empeño kasama ang magsasaka na si Manuel Merino.

Nakiisa rin ang mga taga-Eas-

tern Visayas sa panawagang parusahan si Palparan. Sa protesta sa Tacloban City, sinabi ni Joshua Sagdullas ng Bayan-EV na hindi nalilimot ng rehiyon ang mga pagpatay, tortyur, pagdukot at iba pang krimen ni Palparan bilang tagapagpatupad ng Oplan Bantay Laya.

Isang araw bago nito, pinangunahan din ng Karapatan ang pagkilos sa harap ng Quezon City Trial Court. Kasama ang mga pamilya ng mga bilanggong pulitikal na sina Presentacion Saluta, asawa ni NDFP Consultant Ruben Saluta at mga kasama nito, nanawagan ang grupong palayain na sila mula sa isinampang gawa-gawang mga kaso .

**Para sa sahod at benepisyo, at pagbasura sa kontraktwalisasyon.** Piket-protesta naman ang inilunsad noong Pebrero 14 ng mga manggagawang pangkalusugan mula sa iba't ibang ospital para manawagan ng pagtaas ng kanilang sahod. Ayon sa Alliance of Health Workers, dapat ay P30,000 ang panimulang sahod ng isang nars sa pribado o pampubliko man na ospital. Sinabi ni Benjamin Santos, pangkalahatang kalihim ng AHW, na hindi na nga nadagdagan ang kanilang sahod, lalo pa silang pinahirapan ng TRAIN law ni Duterte. Dagdag pa niya, dapat gawing P16,000 ang *national minimum wage* kada buwan ng mga manggagawa sa pampublikong sektor at 750 kada araw sa mga nasa pribadong sektor. Kasama din sa kanilang panawagan ang pagbasura sa Continuing Professional Development Law na magpapahirap sa pagkuha muli ng kanilang bagong lisensya.

Sa parehong araw, muling kinalampag ng mga pampublikong guro ang Manila City Hall upang ipanawagan na ibigay na ang kanilang hinihinging *allowance* na apat na buwan ng nakabinbin.

Sumugod din ang mga manggagawa sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno sa tanggapan ng Department of Labor and Employment upang kundenahin ang pagpasa nito ng mga polisiyang anti-manggagawa at anti-mamamayan. Bigo din diumano ang rehimeng Duterte na tapusin ang kontraktwalisasyon sa bansa ayon sa tagapangulo nitong si Elmer Labog. Nakiisa din sa nasabing protesta ang grupo ng Migrante Philippines, Migrante Youth at Migrante Taiwan at Kadamay.

Sa Davao City, naglunsad din ng protesta ang mga manggagawa. Pahayag ni Carlo Olalo, pangkalahatang kalihim ng Kilusang Mayo Uno-SMR, higit na nakakadurog ng puso ang mga pangakong hindi tinupad ng administrasyong Duterte. Dagdag pa aniya, mistulang trahedya ang kontrakwalisasyon na patuloy na sumisira ng buhay ng milyunmilyong manggagawa sa buong bansa.

Kaugnay nito, muling naglunsad ng kilos-protesta ang mga manggagawa ng Coca-Cola FEMSA sa harap ng DOLE sa Intramuros noong Pebrero 20. Ayon sa grupo, 23 sa mga tatanggalin ng kumpanya ay mga lider ng unyon, kung saan apat ay mga presidente mula sa iba't ibang sangay. Nakatakdang tanggalin ang may 606 na manggagawa sa darating na Marso 2.

Samantala, nagsimula nitong Pebrero 20 ang kampuhan ng mga manggagawa sa harap ng tanggapan ng DOLE sa Intramuros, Maynila. Ang kampuhan ay pinangunahan ng Liga ng mga Manggagawa sa Southern Tagalog. Bago nito, nagsalu-salo muna ang grupo bilang pagpapakita na kanin at puso ng saging na lamang ang kayang bilhin ng kanilang mababang sahod samantalang walang puso si Duterte na gawing regular ang mga kontraktwal na manggagawa.

Noon namang Pebrero 13, naglunsad ng piket-protesta sa kahabaan ng Maysan Road sa Valenzuela City ang mga manggagawa ng Albert-Smith Signs Philippines Inc., isang dayuhang kumpanya na nagmamanupaktura ng mga karatula. Kasama ang iba't ibang organisasyon, kaibigan at kapamilya, nagsagawa sila ng *noise barrage* sa tapat ng *main gate* ng kumpanya. Kinundena ng mga manggagawa ang iligal na pagkakatanggal ng 43 na manggagawa pati na ang mababang pasahod, kawalan ng benepisyo at iba pang tipo ng panggigipit at pagsasamantala sa loob ng pagawaan.

Nagkamit ng panimulang tagumpay ang nasabing protesta matapos ipatawag ng Workers' Affairs Office ng lokal na pamahalaan ng Valenzuela ang mga manggagawang iligal na tinanggal upang pakinggan ang kanilang hinaing.

**Laban sa karahasan sa kababaihan.** Pinangunahan ng Gabriela noong Pebrero 14 ang taunang pagsasayaw ng One Billion Rising (OBR) sa iba't ibang dako ng Pilipinas, dala ang temang "Rise!(laban sa pasismo), Resist! (laban sa tiraniya) at Unite (para sa katarungan at kapayapaan).

Sa Maynila, nagsimula ng alas-10 ng umaga ang inilunsad na OBR na ginanap sa Remedios Circle sa Malate. Lumahok din sa okasyon ang may 3,000 estudyante ng St. Scholastica College. Pinanawagan nilang wakasan ang diskriminasyon at itigil ang karahasan sa kababaihan at mga bata. Nagkaroon din ng katulad na aktibidad sa Rizal Park sa Davao City.

Sa Bacolod City, kasabay ng OBR ay ipinahayag ng mga guro at estudyante ng Negros Occidental High School ang kanilang pagbatikos sa mga atake ni Duterte laban sa kababaihan. Sa Cagayan de Oro at UP Baguio, tinuligsa naman ng kababaihan ang utos ni Duterte sa AFP na "barilin sa ari" ang kababaihang mandirigma ng BHB.

Kaugnay nito, umani ng pagkundena mula sa iba't ibang organisasyon at personalidad sa loob at labas ng bansa ang pang-aalipusta ni Duterte sa kababaihan. Nagpahayag ng kanilang pagkundena ang NUPL Women's Committee, ang Commission on Human Rights, Human Rights Watch, Women in the World, CBCP, si Sen. Leila de Lima, manunulat na si Eve Ensler at iba pang internasyunal na organisasyong *media* at mamamahayag. AB